# *Huwag Matakot Yugto 2*

Ang Salita ng Dios ay nagbibigay-lakas at nagbibigay-aliw sa ating buhay habang dumaraan tayo sa mga pagsubok at iba't ibang kalagayan na nagpapataw sa atin ng mga banta na kailangan nating harapin, mga hamon na kailangan nating malampasan, o mga gawain na kailangan nating isagawa. Magpapatuloy tayo sa mensaheng ito upang pag-aralan ang Kasulatan para turuan, mapalakas, mapanumbalik, at mapukaw ng Salita ng Dios upang magpatuloy at gawin ang Kanyang gawain at ipamuhay ang ating mga buhay para sa Kanya.

***11. "15 At nang ang lingkod ng lalake ng Dios ay magbangong maaga, at maglabas, narito, isang hukbo na may mga kabayo at mga karo ay nakalibot sa bayan. At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniya, Sa aba natin, panginoon ko! paano ang ating gagawin? 16 At siya'y sumagot, Huwag kang matakot: sapagka't ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila. 17 At si Eliseo ay nanalangin, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, PANGINOON, na idilat ang kaniyang mga mata, upang siya'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang mga mata ng binata; at siya'y nakakita, at narito, ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy sa palibot ni Eliseo." (2 Mga Hari 6:15-17 KJV)*** Isang hukbo ang nakapalibot kay Eliseo kaya ang kanyang lingkod at natakot, ngunit nang binuksan ng Dios ang kanyang paningin nakita niya ang bundok ang puno ng mga kabayo at karo ng apoy sa palibot ni Eliseo. ***"16 At siya'y sumagot, Huwag kang matakot: sapagka't ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila."*** Sa parehong paraan, kapag ikaw ay napapalibutan ng mga banta at kaaway sa palibot mo, ***"Huwag kang matakot" "4 Kayo'y sa Dios, mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka't lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan." (1 Juan 4:4 KJV)*** Sinabi ni Haring David ***"1 Ang PANGINOON ay aking liwanag, at aking kaligtasan: kanino ako matatakot? Ang PANGINOON, ay katibayan ng aking buhay; kanino ako masisindak? 2 Nang dumating sa akin ang mga manggagawa ng kasamaan upang kanin ang aking laman, ang aking mga kaaway at aking mga kaalit, sila'y nangatisod at nangarapa. 3 Bagaman ang isang hukbo ay humantong laban sa akin, hindi matatakot ang aking puso: bagaman magbangon ang pagdidigma laban sa akin, gayon ma'y titiwala rin ako." (Awit 27:1-3 KJV)*** Hindi mo kailangang matakot, hangga't wala kang ginagawang masama, ang Panginoon ang pakikipaglaban para sa iyong laban.

***"4 Sa Dios (ay pupuri ako ng kaniyang salita), sa Dios ay inilagak ko ang aking tiwala, hindi ako matatakot; anong magagawa ng laman sa akin?" (Awit 56:4 KJV)*** Ito ang dapat mong paninindigan at ito ang iyong watawat. Mamuhay sa katuwiran at kabanalan at iyan ang paraan mo para gawin ang iyong bahagi, nagtitiwala sa Dios na gagawin Niya ang Kanyang bahagi at gagantimpalaan ka para sa iyong pag-uugali at sa mabuting desisyon at mga hakbang na iyong ginawa para sa Kanyang kaluwalhatian.

Isa sa kahinaan ng tao ay takot. At kung takot ang magiging ugat sa buhay ng isang tao, ang takot na iyon ang hahadlang sa kanya mula sa paglago sa susunod na hakbang na nais ng Dios sa kanya na gawin at maging. Ang Salita ng Dios ay isang reseta at gamot para sa takot sa tao at may partikular na mensahe na kayang harapin ang bawat uri ng takot.

***12. "22 At tungkol sa bayan na naiwan sa lupain ng Juda, na iniwan ni Nabucodonosor na hari sa Babilonia, ay sa mga yaon ginawa niyang tagapamahala si Gedalias na anak ni Ahicam, na anak ni Saphan. 23 Nang mabalitaan nga ng lahat ng pinuno ng mga hukbo, nila, at ng kanilang mga lalake, na ginawang tagapamahala si Gedalias ng hari sa Babilonia, ay nagsiparoon sila kay Gedalias sa Mizpa, sa makatuwid bagay si Ismael na anak ni Nathanias, at si Johanan na anak ni Carea, at si Saraia na anak ni Tanhumet, na Netofatita, at si Jaazanias na anak ng Maachateo, sila at ang kanilang mga lalake. 24 At si Gedalias ay sumampa sa kanila at sa kanilang mga lalake, at nagsabi sa kanila, Kayo'y huwag mangatakot ng dahil sa mga lingkod ng mga Caldeo: magsitahan kayo sa lupain, at kayo'y magsipaglingkod sa hari sa Babilonia, at ikabubuti ninyo." (2 Mga Hari 25:22-24 KJV)*** Ang bayan ng Dios ay dinisiplina ng Panginoon dahil nilisan nila Siya at yumaong sumamba sa mga dios-diosang sa ibang mg adios. Kaya ipinadala ng Panginoon sa kanila si Nebuchadnesar hari ng Babilonia at ng kanyang hukbo na dumating at nilipol ang Jerusalem at ang templo at kinuha ang bayan ng Dios sa pagkabihag sa Babilonia. Iyon ang disiplina ng Dios sa kanila para sa kanilang mga kasalanan, upang mapasailalim at maglingkod sa mga taga Babilonian. Ngunit nais nilang takasan ang disiplina ng Dios pagtanggi sa pagsunod sa Kanyang Salita at utos. Kaya tiniyak sa kanila ni Gedalias sa pagsasabi sa kanila ng mga sumusunod: ***"Kayo'y huwag mangatakot ng dahil sa mga lingkod ng mga Caldeo: magsitahan kayo sa lupain, at kayo'y magsipaglingkod sa hari sa Babilonia, at ikabubuti ninyo."*** Ang punto na ginawa niya para sa kanila ay malinaw, na ikabubuti nila kung magpakukumbaba at tanggapin na maglingkod sa mga taga Babilonia. Ang pagsagawa nito sa iyong buhay ay ganito: Kung may nagawa kang mali at nagkasala ka sa Panginoon, huwag kang matakot na tanggapin ang disiplina ng Dios at ilapat ito sa iyong buhay dahil kung gagawin mo, magiging maayos ang lahat sa iyo at makakaramdam ka ng ginhawa at mapapanumbalik. Ngunit kung tatanggi ka sa disiplina ng Dios, at maghihimagsik at gaganti ka laban sa Dios, lalong lalala ang kalagayan mo. ***"4 Hindi pa kayo nakikipaglaban hanggang sa mabubo ang dugo, na***

***nakikipagaway laban sa kasalanan: 5 At inyong nilimot ang iniaral na ipinakikipagtalo sa inyong tulad sa mga anak, Anak ko, huwag mong waling bahala ang parusa ng PANGINOON, O manglupaypay man kung ikaw ay pinagwiwikaan niya; 6 Sapagka't pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig, At hinahampas ang bawa't tinatanggap na anak. 7 Na dahil sa ito'y parusa kayo'y nagtitiis; inaari kayo ng Dios na tulad sa mga anak; sapagka't alin ngang anak ang hindi pinarurusahan ng kaniyang ama? 8 Datapuwa't kung kayo'y hindi pinarurusahan, na pawang naranasan ng lahat, kung gayo'y mga anak sa ligaw kayo, at hindi tunay na anak. 9 Bukod dito, tayo'y nangagkaroon ng mga ama ng ating laman upang tayo'y parusahan, at sila'y ating iginagalang: hindi baga lalong tayo'y pasasakop sa Ama ng mga espiritu, at tayo'y mabubuhay? 10 Sapagka't katotohanang tayo'y pinarusahan nilang ilang araw ayon sa kanilang minagaling; nguni't siya'y sa kapakinabangan natin, upang tayo'y makabahagi ng kaniyang kabanalan. 11 Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito. 12 Kaya't itaas ninyo ang mga kamay na nakababa, ang mga tuhod namang nanginginig; 13 At magsigawa kayo ng matuwid na landas sa inyong mga paa, upang huwag maligaw ang pilay, kundi bagkus gumaling." (Hebreo 12:4-13 KJV)***

***13. "20 At sinabi ni David kay Salomon na kaniyang anak, Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang, at gawin mo: huwag kang matakot, o manglupaypay man; sapagka't ang PANGINOONG Dios, na aking Dios, ay sumasaiyo; hindi ka niya iiwan, o pababayaan man, hanggang sa ang lahat na gawain sa paglilingkod sa bahay ng Panginoon ay matapos. 21 At, narito, may mga bahagi sa mga saserdote at sa mga Levita, na ukol sa lahat na paglilingkod sa bahay ng Dios: at magkakaroon sa iyo sa lahat ng sarisaring gawain ng bawa't may kusang kaloobang tao na bihasa sa sarisaring paglilingkod: ang mga punong kawal naman at ang buong bayan ay lubos na sasa iyong utos." (1 Cronica 28:20-21 KJV)*** Nang inutusan ni David ang kanyang anak na si Solomon upang maging hand ana simulang itayo ang templo ng Dios, tiniyak niya sa kanyan na ang pananaw, ang paglingap at ang kailangang mga tao ay nariyan upang tulungan siya para makamit ang gawain kaya't sinabi niya sa kanya, ***"Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang, at gawin mo: huwag kang matakot, o manglupaypay man; sapagka't ang Panginoong Dios, na aking Dios, ay sumasaiyo; hindi ka niya iiwan, o pababayaan man, hanggang sa ang lahat na gawain sa paglilingkod sa bahay ng PANGINOON ay matapos."*** Ang katulad para sa iyo, Huwag matakot na iabot ang iyong kamay at gawin ang mga gawa ng Dios, ang Panginoon ay kasama mo, hindi ka iiwan o pababayaan hanggang sa matapos mo ang gawain, at ibinigay sa iyo ng Panginoon ang Kanyang pananaw at naglaan ng lahat ng kailangan at nagbigay ng kinakailangang tauhan. Ang paglilingkod sa Dios ay isa sa mga kasiya-siyang bagay na maaaring gawin ng tao at ikalugod, at tamasahin ang kanyang buhay sa paglilingkod sa Dios.

***14. "15 At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo, buong Juda, at ninyong mga taga Jerusalem, at ikaw na haring Josaphat: ganito ang sabi ng PANGINOON sa inyo, Huwag kayong mangatakot, o manglupaypay man dahil sa malaking karamihang ito; sapagka't ang pakikipagbaka ay hindi inyo, kundi sa Dios. 16 Bukas ay magsilusong kayo laban sa kanila: narito, sila'y nagsiahon sa ahunan ng Sis; at inyong masusumpungan sila sa dulo ng libis, sa harap ng ilang ng Jeruel. 17 Kayo'y hindi magkakailangan na makipaglaban sa pagbabakang ito: magsilagay kayo, magsitayo kayong panatag, at tingnan ninyo ang pagliligtas, ng PANGINOON na kasama ninyo, Oh Juda at Jerusalem: huwag kayong mangatakot, o manganglupaypay man: bukas ay magsilabas kayo laban sa kanila; sapagka't ang PANGINOON ay sumasa inyo." (2 Mga Hari 20:15-17 KJV)*** Tatlong malalaki at malawak na hukbo ang dumating upang salakayin si Jehosapat, hari ng Juda. Wala siyang ginawang mali sa mga taong dumating para lusubin siya. Kaya naman, upang harapin sila, tinawag niya ang buong Juda na dumating upang humingi ng tulong sa Dios sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno. Sinagot ng Panginoon ang kanilang panalangin at nagsalita sa gitna ng kanilang pagtitipon sa pamamagitan ng isa sa mga Levita, ***"Huwag kayong mangatakot, o manglupaypay man dahil sa malaking karamihang ito; sapagka't ang pakikipagbaka ay hindi inyo, kundi sa Dios."*** Kamangha mangha kapag ang Dios ay nagsalita at tiyakin sa atin habang dumadaan tayo sa mahirap ay madilim na mga sandali ng ating buhay. ***"17 Kayo'y hindi magkakailangan na makipaglaban sa pagbabakang ito: magsilagay kayo, magsitayo kayong panatag, at tingnan ninyo ang pagliligtas, ng PANGINOON na kasama ninyo, Oh Juda at Jerusalem: huwag kayong mangatakot, o manganglupaypay man: bukas ay magsilabas kayo laban sa kanila; sapagka't ang Panginoon ay sumasa inyo." (2 Cronica 20:17 KJV)*** Tunay na gumawa ang Dios ng dakilang mga bagay sa kanila at iniligtas sila mula sa tatlong hukbo at binigyan sila ng dakila at kahanga hangang tagumbay ng may malaking samsam. Sa ilang pagkakataon, nahaharap ka sa problema mula sa mga tao. Ngunit takot kang lumabas at harapin. Gusto ng Dios na magkaroon ka ng lakas ng loob at lumabas at kunin ang iyong posisyon at harapin ang mga taong iyon. Hindi mo kailangang labanan sila dahil gagawin ito ng Dios para sa iyo. Kailangan mo lang lumabas at ipakita ang iyong sarili upang harapin ang mga masasamang gumagawa na nagtatangkang manakit sa iyo. Nais ng Dios na pumunta ka at harapin sila upang makita mo nang malinaw gamit ang iyong mga paningin kung paano kikilos ang Dios sa kanila, gayundin upang kolektahin ang malaking samsam na ibibigay sa iyo ng Dios.

***15. "1 Nguni't nangyari, na nang mabalitaan ni Sanballat na aming itinayo ang kuta, siya'y naginit, at nagalit na mainam, at tinuya ang mga Judio. 2 At siya'y nagsalita sa harap ng kaniyang mga kapatid, at ng hukbo ng Samaria, at nagsabi, Anong ginagawa nitong mahihinang Judio? magpapakatibay ba sila? mangaghahain ba sila? wawakasan ba nila sa isang araw? kanila bang bubuhayin ang mga bato mula sa mga bunton ng dumi, dangang nangasunog na ang mga yaon? 3 Si Tobias nga na Ammonita ay nasa tabi niya, at sinabi niya, Bagaman sila'y nangagtatayo, kung ang isang zorra ay sumampa, ibabagsak ang kanilang mga batong kuta. 4 Dinggin mo, Oh aming Dios: sapagka't kami ay hinamak; at ibalik mo ang kanilang pagdusta sa kanilang sariling ulo, at ibigay mo sila sa pagkasamsam sa isang lupain sa pagkabihag: 5 At huwag mong ikubli ang kanilang kasamaan, at huwag mong pawiin ang kanilang kasalanan sa harap mo: sapagka't kanilang minungkahi ka sa galit sa harap ng mga manggagawa. 6 Sa gayo'y aming itinayo ang kuta; at ang buong kuta ay nahusay hanggang sa kalahatian ng taas niyaon: sapagka't ang bayan ay nagkaroon ng kaloobang gumawa. 7 Nguni't nangyari, na nang mabalitaan ni Sanballat, at ni Tobias, at ng mga taga Arabia, at ng mga Ammonita, at ng mga Asdodita, na ipinatuloy ang paghuhusay ng mga kuta ng Jerusalem, at ang mga sira ay pinasimulang tinakpan, sila nga'y nangaginit na mainam; 8 At nagsipagbanta silang lahat na magkakasama upang magsiparoon, at magsilaban sa Jerusalem, at upang manggulo roon. 9 Nguni't kami ay nagsidalangin sa aming Dios, at naglagay ng bantay laban sa kanila araw at gabi, dahil sa kanila. 10 At ang Juda ay nagsabi, Nawalan ng lakas ang mga tagadala ng mga pasan, at may maraming dumi; na anopa't hindi kami makapagtayo ng kuta. 11 At sinabi ng aming mga kalaban: Sila'y hindi mangakakaalam, o mangakakakita man hanggang sa kami ay magsidating sa gitna nila, at patayin sila, at ipatigil ang gawain. 12 At nangyari, na nang magsidating ang mga Judio na nagsisitahan sa siping nila, sinabi nila sa aming makasangpu, mula sa lahat na dako: Kayo'y marapat magsibalik sa amin. 13 Kaya't inilagay ko sa mga pinakamababang dako ng pagitan ng likuran ng kuta, sa mga luwal na dako, sa makatuwid baga'y aking inilagay ang bayan ayon sa kanilang mga angkan, pati ng kanilang mga tabak, ng kanilang mga sibat, at ng kanilang mga busog. 14 At ako'y tumingin, at tumayo, at nagsabi sa mga mahal na tao, at sa mga pinuno, at sa nalabi sa bayan: Huwag kayong mangatakot sa kanila: inyong alalahanin ang Panginoon, na dakila at kakilakilabot, at ipakipaglaban ninyo ang inyong mga kapatid, ang inyong mga anak na lalake at babae, ang inyong mga asawa at ang inyong mga bahay." (Nehemias 4:1-14 KJV)*** Habang ginagawa at ipinapatupad ni Nehemias at kasama ng mga bayan niya ang pananaw ng Dios upang itayong muli ang kuta sa palibot ng bayan ng Jersulem upang protektahan ang templo at ang lungsod ng Dios mula sa gumagawa ng masama sa hindi pagpayag sa kanila na manirahan sa Jerusalem, hinirap nila ang mga pagsalungat mula sa iba't ibang uri ng mga tao na laban sa Dios at laban sa Kayang tunay na bayan. Sinusubukan nilang pahintuin sila mula sa paggawa ng mga gawian ng Dios at sa pagkakamit ng Kanyang kalooban gaya ng binasa natin sa ***Nehemias 4***. Ngunit si Nehemias bilang isang pinuno ay naninindigan at pinalakas ang loob ng mga tao at ipinaalala sa kanila na kailangan nilang manindigan at sumulong upang ipagtanggol at pakipaglaban para sa kani-kanilang pamilya, sa kanilang mga anak na lalaki, at babae, at sa kani-kanilang mga asawa, at sa kanilang mga bahay, sa pagsasabi sa kanila, ***"Huwag kayong mangatakot sa kanila: inyong alalahanin ang PANGINOON, na dakila at kakilakilabot, at ipakipaglaban ninyo ang inyong mga kapatid, ang inyong mga anak na lalake at babae, ang inyong mga asawa at ang inyong mga bahay." (Nehemias 4:14 KJV)*** Ang parehong mensahe para sa iyo ngayon, tinawag tayo upang ipagtanggol at protektahan ang aming mga pamilya, asawa,anak na babae, at anak na lalake, Tinawag tayo ng Dios upang protektahan sila mula sa sanglibutan at mula sa mga plano ng masama. Tinawag Tayo ay tinatawag upang isara ang mga puwang na maaaring daanan ng diyablo, at kailangan din nating maglagay ng mga pintuang mangangalaga sa ating buhay at magtatanggol sa atin mula sa diyablo na gumagamit ng mga tao at mga pangyayari sa paligid natin upang saktan tayo. Hindi tayo dapat matakot, nasa panig natin ang Dios. ***"31 Ano ang ating sasabihin sa mga bagay na ito? Kung ang Dios ay kakampi natin, sino ang laban sa atin? 32 Siya, na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad ang lahat ng mga bagay? 32 Sino ang magsasakdal ng anoman laban sa mga hirang ng Dios? Ang Dios ay ang umaaring-ganap; 34 Sino ang hahatol? Si Cristo Jesus na namatay, oo, yaong nabuhay na maguli sa mga patay na siyang nasa kanan ng Dios, na siya namang namamagitan dahil sa atin. 35 Sino ang maghihiwalay sa atin sa pagibig ni Cristo? ang kapighatian, o ang kahapisan, o ang paguusig, o ang kagutum, o ang kahubaran, o ang panganib, o ang tabak? 36 Gaya ng nasusulat, Dahil sa iyo kami'y pinapatay sa buong araw; Kami ay nabilang na parang mga tupa sa Patayan. 37 Hindi, kundi sa lahat ng mga bagay na ito tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan niyaong sa atin ay umibig. 38 Sapagka't ako'y naniniwalang lubos, na kahit ang kamatayan man, kahit ang buhay, kahit ang mga anghel, kahit ang mga pamunuan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating, kahit ang mga kapangyarihan, 39 Kahit ang kataasan, kahit ang kababaan, kahit ang alin mang ibang nilalang, ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pagibig ng Dios, na nasa kay Cristo Jesus na Panginoon natin." (Awit 8:31-39 KJV)*** Hindi tayo dapat matakot sa pamumuhay ng ating buhay sa Dios. May mga pagkakataon na ang Dios ay makikipaglaban para sa atin at kailangan nating tumayo lamang. Subalit sa ibang mga pagkakataon ang Dios ay nagnanais na tayo'y sumulong at gawin ang Kanyang mga gawa at Siya ang nasa likod na aalalay sa atin. Kapag hinihiling Niya sa atin na sumulong at gawin ang Kaniyang gawain, kung gayon ay hindi tayo dapat matakot sapagkat mayroon tayong Kanyang ganap na pahintulot at Kanyang ganap na suporta.

***"1 Nguni't ngayo'y ganito ang sabi ng Panginoon na lumalang sa iyo, Oh Jacob, at naganyo sa iyo, Oh Israel, Ikaw ay huwag matakot, sapagka't tinubos kita; tinawag kita sa iyong pangalan, ikaw ay akin. 2 Pagka ikaw ay dumaraan sa tubig, ako'y sasaiyo; at sa mga ilog ay hindi ka tatakpan niyaon: pagka ikaw ay lumalakad sa apoy, hindi ka masusunog; o magniningas man ang alab sa iyo." (Isaias 43:1-2 KJV)*** Sa ilang pagkakataon maaring kailangan nating dumaan sa tubug at lumakad sa apoy, batid ng Dios iyon at Siya mismo ang nagtalaga niyon para sa atin kaya't tinitiyak Niya sa atin na hindi tayo masasaktan; Hindi Niya hahayaang ang anumang pinsalan na dumating sa atin. Iyon ang Kanyang pangako sa atin: ***"10 Huwag kang matakot, sapagka't ako'y sumasaiyo; huwag kang manglupaypay, sapagka't ako'y iyong Dios; aking palalakasin ka; oo, aking tutulungan ka; oo, aking aalalayan ka ng kanang kamay ng aking katuwiran. 11 Narito, silang lahat na nangagagalit sa iyo ay mangapapahiya at mangalilito: silang nangakikipaglaban sa iyo ay papanaw at mangapapahamak. 12 Iyong hahanapin sila, at hindi mo mangasusumpungan, sa makatuwid baga'y silang nangakikipaglaban sa iyo: silang nakikipagdigma laban sa iyo ay papanaw, at gaya ng bagay ng wala. 13 Sapagka't akong PANGINOON mong Dios, ay hahawak ng iyong kanang kamay, na magsasabi sa iyo, Huwag kang matakot; aking tutulungan ka." (Isaias 41:10-13 KJV)*** Ito ang dapat na maging karangalan mo at ang gantimpala na natatanggap mo mula sa Panginoon sa araw na ito upang magpatuloy at maglingkod sa Kanya.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Sinabi ng Mang aawit, ***"105 Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas. 106 Ako'y sumumpa, at pinagtibay ko, na aking tutuparin ang mga matuwid mong kahatulan. 107 Ako'y nagdadalamhating mainam: buhayin mo ako, Oh Panginoon, ayon sa iyong salita. 108 Tanggapin mo, isinasamo ko sa iyo, ang mga kusang handog ng aking bibig, Oh Panginoon, at ituro mo sa akin ang mga kahatulan mo. 109 Ang kaluluwa ko'y laging nasa aking kamay; gayon ma'y hindi ko kinalilimutan ang kautusan mo. 110 Ipinaglagay ako ng silo ng masama; gayon ma'y hindi ako lumihis sa iyong mga tuntun. 111 Ang mga patotoo mo'y inari kong pinakamana magpakailanman; sapagka't sila ang kagalakan ng aking puso. 112 Ikiniling ko ang puso ko na ganapin ang mga palatuntunan mo, magpakailan man, sa makatuwid baga'y hanggang sa wakas." (Awit 119:105-112 KJV)*** Ito ang dapat na maging iyong paninindigan at iyong bandila. Huwag matakot, ito ang mensahe ng pampatibay-loob na kailangan natin mula sa PANGINOON upang magpatuloy at gawin ang mga gawa ng Dios na ipinagkatiwala Niya sa atin at ipamuhay ating buhay sa Kanya. At iyan ang isa pang dahilan para sa atin na basahin ang Bibliya at pagmumuni-munihan sa Kaniyang Salita sapagkat ang Kaniyang Salita ay isang pinagmumulan ng pampatibay-loob sa atin. Sa higit pang mga pagkakataon sa Bibliya pinatibay ng Dios ang Kaniyang bayan upang sila'y makapagpatuloy sa pamumuhay sa Kaniyang buhay. Ang mga kasulatan na ito ay ang probisyon ng Dios para sa atin ngayon upang magpatuloy at maglingkod sa Kanya.

Manalangin tayo ... .

***Aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa nagbibigay pagasang Salita na ipinadala sa akin at inalis ang aking mga takot. Panginoon salamat para sa nagbibigay pagasang Salita na nagbigay sa akin ng katiyakan at tiwala s aiyo na ikaw ay tapat at nakatayo ka sa aking tabi at ginagawa mong lubon ang iyong tungkulin. Panginoon salamat para sa lahat ng turo, sa mga pagtutuwid at sa pagpapayo na tinanggpa namin sa mensaheng ito.*
*Magsisi at talikdan angb lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong katigasan ng ulo at naantalang pagsunod. Magsisi sa iyong pagmamalaki at pagyayabang at hindi handang tumugon sa disiplina ng Dios, Magsisi sa iyong kawalan ng pananampalataya at kawalan ng tiwala sa Dios. Magsisi sa lahat ng iyong mga takot at pag aalala. Magsisi sa iyong walang kagustuhang lumabas ng may katapangan na gawin ang utos ng Dios sa iyo. Talikdan ang lahat ng iyong mga pakikipagkompromiso at takot sa tao. Magsisi sa iyong walang kagustihang magdusa para kay Cristo at tumugon sa Kanyang kalooban at sa plano na mayroon Siya para sa iyo. Magsisi ka sa iyong walang kagustuhang usigin para kay Cristo. Magsisi ka sa iyong walang kahandang italaga ang iyong sarili upang gawin ang mabubuting gawa na inihanda ng Dios para sa iyo upang gawin. Magsisi sa pagiging kaalyado sa maraming kaibigan at sa Media. Magsisi ka sa kakulangan ng pagbabasa ng Salita ng Dios sa Bibliya at sa kakulangan ng panalangin. Panginoon, ako ay nagsisisi at tinatanggihan ang mga sumusunod na kasalanan* ______________________________ .

*Panginoon Ipinapangako ko sa aking sarili na araw-araw ay magbabasa at magninilay sa iyong Salita at ilalapat ito sa aking buhay. Panginoon, kausapin mo ako araw-araw at bantayan ang mga bagay-bagay sa aking buhay, at babalaan mo ako kung may panganib na hindi ko alam at itatago mo ako sa lilim ng iyong mga pakpak. Panginoon, tulungan mo akong buong pusong ialay ang aking mga paraan sa iyo, makipagtulungan sa iyo at gampanan ang iyong kalooban. Panginoon, tunay na kailangan kita sa sandaling ito ng aking buhay habang ako'y dumaraan sa sumusunod na sitwasyon* ____________________________. *Panginoon, ipagpatuloy mo ang pagpapalakas sa akin at pasariwain mo ako ng iyong pag-ibig, awa at biyaya hanggang malampasan*

*ko ang lahat ng ito. Panginoon, pinasasalamatan kita at pinupuri kita, ito lamang ang aking hinihiling at ipinapanalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi at inialay ang kanilang buhay upang pagsilbihan ka at gawin ang iyong kalooban pati na rin ang mabubuting gawa na inihanda mo para sa kanila. Panginoon, ipagpatuloy mong bantayan sila, lutasin ang kanilang mga problema, gabayan sila, palakasin ang kanilang loob, protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy nilang mapaglingkuran ka. Panginoon, gawin mong mabuting patotoo ang kanilang buhay upang sundan ka ng iba.*

*Panginoon pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, tulungan mo kami, gabayan mo kami sa pamamagitan ng iyong Banal na Espiritu, protektahan mo kami at ipaglaban ang laban para sa amin. Panginoon, iligtas mo kami mula sa sumusunod na problema at sa mga taong nakikipaglaban laban sa amin ________________________. Panginoon, buksan mo ang aming mga mata upang makita na ikaw ay naririyan kasama namin. Panginoon, iligtas mo kami mula sa kanila at ibigay sa amin ang mga biyayang ipinangako mo sa iyong Salita. Laban kami sa bawat uri ng takot at tinataboy namin ang espiritu ng takot mula kay Satanas at itinataboy ito mula sa buhay ng aming mga kapatid at mula sa buhay ng aming simbahan sa pangalan ni Jesus. Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga Espiritwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy sa pag eevangelio, gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa upang yumaon at magtayo ng mas maraming pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin na mas maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang samahan ka kapag dumarating ka. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com